

## **Paano ang pagbabayad sa nakuhang alagang hayop at pera sa programa?**

- **Sa nakuhang alaga:**

Ang kabayaran ng nakuhang inalagaang hayop ay kailangan ibigay sa susunod na mag-aalaga (*next-in-line beneficiary*) sa gabay ng BRO Program Coordinator o Technician ng Municipal/City Agriculture's Office.

- **Sa nahiram na halagang P3,000:**

Ibalik ang nahiram na P3,000 ng walang interes sa Municipal/City Treasurer's Office o Provincial Treasurer's Office sa naitakdang araw.

Huwag kalimutang humingi ng resibo.

## **Saan sasangguni kung may problema sa kalusugan ng alagang hayop?**

Kapag may banta o may senyales na ng pagkakasakit ang nakuhang alagain, maaaring sumangguni at humingi ng tulong sa Municipal/City Agriculturist Office o sa Provincial Veterinary Office para sa karampatang aksyon.

## **Paano sumali sa programa?**

Para sa mga interesado sa programa ng Paiwi ni BRO, mag fill-up lamang ng Application Form na ibinibigay tuwing Farmers' Congress o maaaring magsadya sa BRO Farmers' Assistance Office.

## **Sagot ni**

# **BRO**

## **ang pangkabuhayan mo.**



## **Paiwi ni**

# **BRO**

## **Livestock Dispersal Program**

**Para sa karagdagang tanong at detalye,  
maaaring magsadya o tumawag sa**

**BRO Office**

**Queen Isabela Park, Alibagu, Ilagan City  
Telephone No. (078)323-2598**

**o hanapin si**

**John Mark L. Babas  
(Program Coordinator)**



## Ano ang programang “Paiwi” ni BRO?

Ito ay programang pangkababaihan ng administrasyong Bojie – Tonypet na ang layunin ay mabigyan ng karagdagang pangkabuhayan ang pamilya ng maliliit na magsasaka o manggagawa sa agrikultura sa pamamagitan ng pag-aalaga ng baboy, manok o kambing.

### Sino ang mga kasali sa programa?

1. Asawa, kapatid o nanay ng maliit na magsasaka o manggagawa sa agrikultura na nasa Masterlist mula sa Municipal/City Agriculturist Office.
2. Ina ng mga batang nasa listahan ng BRO LUSOG.



## 1. Paiwi ng Baboy

Ito ay para sa mga kababaihang nagnanais at may kakayahang mag-alaga ng baboy. Kailangan na ang aplikante ay mayroong nakahandang kulungan bago makuha ang biik.

### A. Mga Pagpipilian:

#### • Paanaking Baboy (Swine Breeding)

Ang napiling tatanggap ay mabibigyan ng isang (1) babaeng biik na kanyang aalagaan at palalakin upang gawing inahin.

#### • Patabaing Baboy (Swine Fattening)

Ang napiling tatanggap ay mabibigyan ng isang (1) lalaking biik na *kapon* o babaeng biik na kanyang palalakin at patatabain sa loob ng apat (4) na buwan hanggang ito ay tumaba at handa ng ibenta na pangkarne.

### B. Pautang na P3,000.00

Depende sa mapipiling aalagaan, ang recipient ng Paiwi ng Baboy ay puwedeng umutang ng halagang P3,000 mula sa BRO Livelihood para pambili ng feeds, gamot at iba pang kailangan sa pag-aalaga ng baboy.



## 2. Paiwi ng Manok

Ang napiling tatanggap ay mabibigyan ng sampung (10) kiti na kanyang palalakin at pararamihin. Ito ay magsisilbing dagdag na pangkabuhayan para sa pamilya.

## 3. Paiwi ng Kambing

Ito ay para sa mga kababaihan na may alagang hindi bababa sa dalawang (2) native na inahing kambing. Ang mga kababaihang ito ay maaaring bumuo ng grupo na may 3-5 miyembro, pagkatapos, pipili sila ng kanilang lider na siyang hihiram ng **Buck** (Lalaking kambing) para sa grupo. Gagamitin nila ang nahiram na buck sa pagpapaganda ng lahi ng kanilang native na kambing at sa kalaunan ay mapaganda ang kita ng kanilang pamilya.

### Ano ang mga obligasyon ng mga makatatanggap sa programa?

1. Alagaang mabuti ang nakuhang baboy, manok o kambing na natanggap mula sa programa.
2. Magbayad ayon sa “Dispersal Contract” na kanilang lalagdaan.

Nakuhang Alagain	Kabayaran	Kailan magbabayad
Paanaking Baboy (1 babaeng biik )	2 babaeng biik	sa loob ng 11 na buwan
Patabaing Baboy (1 lalake/babaeng biik )	1 babaeng biik	sa loob ng 5 na buwan
10 Kiti	10 Kiti	sa loob ng 8 buwan
1 Lalaking kambing	2 babaeng kambing	sa loob ng 2 taon



